# Mga Materyal na Pagbabago sa mga GPS Tracker

**Seattle Police Department (SPD)**

## Ano ang teknolohiyang ito?

Ang mga GPS Tracker ay kombinasyon ng software at hardware na ginagamit para sa pagkuha ng impormasyon ng lokasyon at biyahe ng naka-tag na mga sasakyan.

Ginagamit ang mga tracker o pansubaybay upang mahanap ang mga sasakyang sangkot sa imbestigasyon ng krimen. Ang mga tracker na covert o ikinakabit nang palihim ay ginagamit nang may warrant, kung saan ginagamit lang ang mga tracker para sa pursuit mitigation o mitigasyon sa paghabol nang may probable cause o makatwirang paghihinala sa mga sasakyang posibleng nasa akto ng pagtakas.

Noong 2022, ipinasa ng Seattle City Council (Sangguniang Panlungsod ng Seattle) ang ordinansang nag-aawtorisa sa paggamit ng mga palihim na aparatong pansubaybay na may GPS para sa pag-iimbestiga.

Kasalukuyang isinasagawa ang malayang pagkokomento para sa teknolohiyang ito. Puwede kayong magbigay ng mga komento sa **Seattle.gov/SurveillanceComment**.

Ang lahat ng komento ay isasama sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag) tungkol sa teknolohiyang ito at isusumite sa Council.

Kung gusto ninyong magbigay ng feedback sa ibang pagkakataon bukod sa panahon ng malayang pagkokomento, isumite ito nang direkta sa City Council.

## Anong materyal na pagbabago ang hiniling?

- 25 sasakyang pampatrulya ng SPD ang lalagyan ng mga GPS tracker launcher at itatalaga sa mga presinto ng kawanihan para sa pagpapatrulya.
- Ang lahat ng nanumpang opisyal ng Seattle Police Department (SPD, Kagawaran ng Pulisya ng Seattle) ay bibigyan ng pagsasanay sa paggamit ng mga GPS tracker para sa pursuit mitigation upang matiyak ang pagsunod sa kamakailang pagpapanibago sa batas ng estado hinggil sa pursuit mitigation.
- Ang mga GPS tracker para sa pursuit mitigation ay susubaybayan ng Real Time Crime Center (Sentrong Pangkrimen sa Totoong Oras) at ipapasa ang impormasyon sa mga yunit na nagpapatrulya sa field.

## Ano ang hindi magbabago?

- **Walang pagbabagong gagawin sa mga bagay na kinakailangan o iniaatas na naaprobahan na dati kaugnay ng mga sistema ng palihim na pagsubaybay.**

City of Seattle